Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

RENEWED SERVANT-LEADERS FOR THE NEW EVANGELIZATION
YEAR OF THE CLERGY & CONSECRATED PERSONS 2018

PATNUBAY SA MISA

18 Nobyembre 2018 | Ika-33 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

PAGHAHANDA SA DI MAIIWASAN

Sa nalalapit na pagtatapos ng Taon ng Simbahan, tayo ay pinaaalalahanan ng pagtatapos ng ating buhay at ng wakas ng panahon. Malungkot mang isipin ay talaga namang may katapusan ang ating buhay sa daigdig na ito. Pati na rin ang ating daigdig ay may nagbabantang katapusan. Kahit may dala itong pangamba ay hindi dapat ito ang pag-ukulan natin ng pansin. Paghahanda ang pinakamabisang tugon sa takot.

Ang taong handa para sa wakas ng kanyang buhay ay may payapang kalooban. Ang paghahandang ito ay nauuwi sa pagkakaroon ng malinis na kalooban, ng isang pusong nakatuon sa Diyos, ng isang buhay na ginugugol sa pagtalima sa nais ng Diyos. Matulungan sana tayo ng ating pagdiriwang ng banal na Eukaristiya upang maging talagang handa para sa wakas.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sinabi ng Poong banal, pag-asa't kapayapaan ang nais kong inyong kamtan. Kayo'y aking pakikinggan at bibigyang-kalayaan.

Pagbati

P **–**Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na siyang babalik sa wakas ng panahon, ang pag-ibig ng Diyos Amang, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B **–At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

P **–**Sa paghahanda nating makatagpo ang Panginoon sa Eukaristiyang ito, saglit tayong manahimik at alalahanin ang ating pagiging di karapat-dapat at ang pangangailangan nating mapatawad sa ating mga kasalanan. *(Manahimik saglit.)*

P **–**Para sa aming kawalan ng paghahanda para sa iyong pagbabalik sa wakas ng panahon, Panginoon, kaawaan mo kami.

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa tulong na iyong ibinibigay upang maihanda ang aming kalooban para sa wakas, Kristo, kaawaan mo kami.

B **–Kristo, kaawaan mo kami!**

P **–**Para sa aming kawalan ng pagmamahal sa iyo at sa aming kapwa-tao na siyang mabisang paghahanda, Panginoon, kaawaan, mo kami.

B **–Panginoon, kaawaan mo kami!**

P **–**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B **– Amen!**

Papuri

B **–**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, ipagkaloob mong lagi naming ikaligayang ikaw ay paglingkuran, sapagkat walang maliw at walang kahulilip ang kasiyahan kapag sumasamba kami sa iyong kapangyarihang nagpapairal sa tanang sanlibutan, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B **–Amen!**

33KP B.indd 1 8/30/2018 3:22:31 PM

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Dan 12:1-3***

Ang aklat ni Propeta Daniel ay isinulat ng isang di-kilalang taong kinasihan ng Diyos. Si Daniel ay ang pangunahing tauhan sa aklat na ito, isa sa mga unang naipatapon sa Babylonia noong masakop ni Haring Nabucodonosor ang lunsod ng Jerusalem at ang buong Kaharian ng Juda. Ang aklat na ito ay nagbabadya ng mga mangyayari sa hinaharap. Ang mahalaga para sa may-akda ay ang mapabilang ang pangalan ng tao sa aklat ng Diyos.

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Daniel

Sa pagkakataong yaon, darating si Miguel, ang makapangyarihang bantay ng bansang Israel, at magkakaroon ng matinding kahirapang hindi pa nangyayari kailanman. Ngunit maliligtas ang mga kababayan mong ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng Diyos.

Mabubuhay ang marami sa mga namatay sa lahat ng panig ng daigdig; ang iba'y sa buhay na walang hanggan, at ang iba'y sa kaparusahang walang hanggan. At yaong may pagkaunawa at umakay sa marami tungo sa kabutihan ay magniningning na parang tala sa kalangitan magpakailanman.

Ang Salita ng Diyos!
***B* –Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 15***

B –D'yos ko, ang aking dalangi'y ako'y iyong tangkilikin!

R. M. Velez



*** Ikaw lamang, Panginoon, ang lahat sa aking buhay, ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan; ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay. Nababatid ko na ika'y kasama ko oras-oras, sa piling mo kailanma'y hindi ako matitinag.** ***B.***

*** Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak, ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag. Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak, sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas.** ***B.***

*** Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan, sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan; ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Heb 10:11-14.18***

Si Hesus ang Dakilang Pari magpakailanman. Minsan lamang siya nag-alay ng buhay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ngunit ito ay sapat na upang mailuklok siya sa kanan ng makapangyarihang Diyos. Mula doon siya magbabalik sa wakas ng panahon upang hukuman ang sandaigdigan. Sana'y maging maganda ang paghuhukom sa atin ng Panginoon sa wakas ng ating buhay.

L– Pagpapahayag mula sa Sulat sa mga Hebreo

Bawat saserdote ay nakatayong naglilingkod araw-araw at naghahandog ng iyon at iyon ding mga hain, subalit hindi makapapawi ng kasalanan ang mga haing iyon. Ngunit si Kristo ay minsan lamang naghandog dahil sa mga kasalanan, at iyo'y sapat na. Pagkatapos, lumuklok siya sa kanan ng Diyos. At naghihintay siya roon hanggang sa lubusang pasukuin sa kanya ng Diyos ang kanyang mga kaaway. Samakatwid, sa pamamagitan ng isa lamang paghahandog ay kanyang pinapaging-banal magpakailanman ang mga nilinis niya.

Sapagkat ipinatawad na ang mga kasalanan, hindi na kailangan pang maghandog dahil sa kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!
***B* –Salamat sa Diyos!**

Aleluya

***B* –Aleluya! Aleluya!**
Manalanging walang humpay samantalang hinihintay si Hesus na Poong mahal.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Mc 13:24-32***

Maraming nakatatakot na bagay ang magaganap pagdating ng wakas ng panahon. Ngunit ang ating pansin ay dapat nakatuon sa pagbabalik ng Panginoong Hesus na puno ng kaluwalhatian. Hindi takot ang kanyang dala kundi pananabik para sa kanyang mga alagad. Walang dapat ikatakot ang mga tapat niyang alagad. Ang kanyang pagbabalik ay magdudulot sa kanila ng pakikibahagi sa kanyang kaluwalhatian.

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos

***B* –Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Sa mga araw na iyon, pagkatapos ng mga napakalaking kapighatian, magdidilim ang araw, hindi magliliwanag ang buwan, malalaglag mula sa langit ang mga bituin, at mayayanig ang mga kapangyarihan sa kalawakan.

At makikita ang Anak ng Tao na nasa alapaap, dumarating na may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan. Susuguin niya ang kanyang mga anghel sa apat na panig ng daigdig at titipunin nila ang mga hinirang ng Diyos, mula sa lahat ng dako.

Unawain ninyo ang aral mula sa puno ng igos: kapag sumisipot na ang mga dahon sa sanga nito, alam ninyong malapit na ang tag-araw. Gayon din naman, kapag nakita ninyong nangyayari na ang mga bagay na ito, malalaman ninyong malapit na ang panahon ng pagparito niya – nagsisimula na. Tandaan ninyo: magaganap ang mga bagay na ito bago mamatay ang mga taong nabubuhay sa ngayon.

Mawawala ang langit at ang lupa, ngunit ang mga salita ko'y hindi magkakabula. Ngunit walang nakaaalam ng araw o oras ng pagsapit niyon, kahit ang mga anghel sa langit o ang Anak man – ang Ama lamang ang nakaaalam nito."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos,

33KP B.indd 2 8/30/2018 3:22:34 PM

Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hangad nating maging handa para sa pagdating ng Panginoon. Puno ng tiwalang tayo ay tutulungan niyang makatagpo siya nang maluwalhati, ating sambitin:

***B* – Maluwalhating Diyos, dinggin mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang maihanda nila ang Bayan ng Diyos na maging Esposa ng Kordero, maganda at walang bahid-dungis, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Para sa lahat ng mga pari at mga namanata sa Diyos, upang sa taong ito ng kaparian at buhay relihiyoso, maging masigasig sila sa paghahanda para sa pagdating ni Kristo sa wakas ng kanilang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

***** Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang ibuhos nila ang kanilang talino at lakas para maihanda ang ating daigdig sa muling pagparito ni Kristo, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

***** Para sa mga taong nasa bingit ng kamatayan, upang makatagpo nila nang maligaya at mapayapa si Kristong darating, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

***** Para sa ating lahat na nagkakatipon sa Lingguhang Eukaristiya, upang lumago tayo araw-araw sa paghahanda ng ating mga sarili para sa pagbabalik ni Kristo at talagang magsikap na mapuspos ang ating daigdig ng pag-ibig, ligaya, at kapayapaan, manalangin tayo sa Panginoon. ***B.***

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. *(Tumigil saglit.)*

Manalangin tayo! ***B.***

P –Ama naming maluwalhati, isugo mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu upang mapuspos kami ng walang kupas na sigasig para maihanda ang aming mga sarili at ang lahat ng aming makakasalamuha sa buhay na ito para sa maluwalhating pagbabago ng daigdig sa pagbabalik ng aming nililiyag, ang iyong Anak, na si Hesukristong aming Panginoon.
***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

P –Manalangin kayo . . .
***B* – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ipagkaloob mo ang iyong masintahing pagtingin sa aming mga alay upang ang kagandahang-loob mo ay aming makamtan at ang bunga ng walang hanggang pag-iral ay aming mapakinabangan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

Prepasyo VI

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B* – Santo, santo, santo . . .**

Pagbubunyi

***B* – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B* – Ama namin . . .**
***P* –** Hinihiling namin . . .
***B* – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B* – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa sarili'y hangarin ko sa piling ng D'yos madako at panatag ngang totoo ang aking pag-asang ito na siya'y di maglililo.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, sa pinagsaluhan naming banal na pakikinabang ang amin nawang pag-ibig ay lalong madagdagan ng ginawa namin sa pag-alala sa Anak mong mahal na nag-utos ipagdiwang ang Huling Hapunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B* – Amen!**

33KP B.indd 3 8/30/2018 3:22:34 PM

PAGWAWAKAS

P **–**Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P **–**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*
Pagkalooban nawa kayo ng Diyos ng lahat ng kaaliwan ng kapayapaan at biyaya sa inyong buong buhay.

B **–Amen!**

P **–**Iligtas Niya nawa kayo sa lahat ng alalahanin at tibayan ang inyong mga puso sa Kanyang pag-ibig.

B **–Amen!**

P **–**Pagkalooban Niya nawa kayo ng pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, upang anumang gawin ninyo sa buhay na ito ay magdulot sa inyo ng walang hanggang kaligayahan.

B **–Amen!**

P **–**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B **–Amen!**

P **–**Humayo kayo sa kapayapaan upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon.

B **–Salamat sa Diyos!**

Maayos na Pagtatapos

Tayo ay may kasabihang ang di lumilingon sa pinaggalingan ay di makararating sa paroroonan. Subalit hindi naman maaaring lagi tayong nakalingon sa nakalipas. Isinulat nga ni William Shakespeare na ang lahat ay maayos kapag nagtatapos nang maayos. Sa madaling sabi, ang hinaharap ay ang siyang nagbibigay ng linaw sa nakaraan at siya ring gumagabay sa kasalukuyan.

Marami sa ating buhay ay nauunawaan lamang natin pagmalapit na ang wakas. Si San Juan Bosco, o higit na kilala sa tawag na Don Bosco, ay nagkaroon ng panaginip noong siya ay 9 na taong gulang pa lamang. Dito ipinabatid ng Panginoong Hesus sa kaniya kung ano ang kanyang dapat gawin sa buhay. Ibinigay sa kaniya ang Mahal na Birheng Maria para maging gabay niya at tagapagturo. Nang kaniyang sinabi sa Mahal na Birheng hindi niya nauunawaan ang nangyayari at ang dapat niyang gawin, ang tugon lamang ng Mahal na Ina ay: *"Sa tamang panahon ay mauunawaan mo rin ang lahat!"* Dumating ang tamang panahon ilang buwan na lamang bago siya pumanaw (Enero 1888). Nagmimisa siya noon (Mayo 1887) sa bagong simbahan ng Kamahal-mahalang Puso ni Hesus sa Roma nang siya ay naluha at nasambit niya: *"Sa wakas ay nauunawaan ko na rin ang lahat!"*

Madalas tayo ay nagdudumaling malaman at maunawaan ang lahat sa ating buhay. Subalit kasama ng paghahanda natin para sa wakas ay ang tiyaga. Kailangang maghintay bago luminaw ang maraming bagay. Kahit na si Hesus ay sa pagbibinyag lamang sa kaniya sa Ilog Jordan nalamang siya ang Mesias na magliligtas sa sanlibutan. Hindi lamang iyon! Habang siya ay nakapako sa krus ay nagtatanong pa rin siya: *"'Eloi, Eloi, lema sabachthani?' na ang ibig sabihi'y "Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan?'" (Marco 15:34)* Bago na lamang siya malagutan ng hininga nang mabatid niya ang lahat: *"'Naganap na!' Iniyukayok niya ang kanyang ulo at nalagot ang kanyang hininga" (Juan 19:30).*

Hindi nililinaw kaagad ng Diyos ang lahat sa ating buhay upang tayo ay maglakad sa pananampalataya. Ang pananampalataya ay laging may kalakip na kalabuan at kadiliman. Ngunit may busilak na liwanag sa katapusan ng ating paglalakbay. Ang mahalaga ay ang manatiling matatag sa pagtahak sa landas ng buhay na nais para sa atin ng Diyos. Ang katatagang ito ay bunga ng pag-asa. Dahil sa pag-asa ay kinakaya nating harapin ang walang katiyakang bukas sa katiyakang ano man ang mangyari ay mahal tayo ng Diyos.

Sa unang pagdating ni Hesus noong siya ay nagkatawang-tao sa Nazareth at isinilang sa Bethlehem, siya ay naging Manunubos natin at Tagapagligtas. Sa kanyang ikalawang pagdating sa wakas ng panahon, siya ay ang ating magiging Hukom. Subalit ang paghuhukom niya ay pinangangambahan lamang ng mga di naging tapat sa kaniya.

Kaya nga lamang, mahirap maging laging tapat kay Hesus. Ang mahalaga ay ang lumago sa pagiging aba sa espiritu. Ang tunay na aba ay ang taong walang maipagmamalaking anuman sa Diyos. Ang lahat ng maayos sa kaniya at ang lahat ng mabuting nagawa niya sa buhay ay dahil sa awa at habag ng Diyos. Samakatuwid, ang tunay na paghahanda para sa wakas ay ang paglago sa tiwala sa awa at habag ng Diyos sa atin. Laging nasasambit ng Pilipino: *"May awa ang Diyos!"* Sana sa bawat pagdiriwang natin ng Banal na Eukaristiya ay lumago tayo sa tiwala sa awa ng Diyos at nang maging handa sa pagdating ni Kristo sa wakas ng panahon.

WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • ***Telefax:*** 894-5241 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word & Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Marketing:*** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • ***Circulation:*** R. Saldua

33KP B.indd 4 8/30/2018 3:22:34 PM